FAMILY ENGAGEMENT LAB

FASTalk

Suportahan ang pag-aaral ng inyong anak sa bahay sa masaya at madaling paraan!

Mga Mahal na Pamilya,

Natutuwa kaming anyayahan kayong maki-isa sa amin para suportahan ang pag-aaral ng inyong anak! Ang aming paaralan ay kalahok sa isang programang text messages na tinawag na **FASTalk** (Usapang Pamilya at Paaralan) mula sa Family Engagement Lab, isang nonprofit.

Kada linggo, makatatanggap kayo ng tatlong text messages na may madadaling on-the-go tips at aktibidad para **suportahan ang mga kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng inyong anak** habang nasa bahay. Ang mga masasayang ideyang ito ay direktang sumusuporta sa kaalaman at kasanayanng natututunan ng inyong anak sa taong ito.

Mahalaga ang inyong tugon! Maaari ninyong gamitin ang FASTalk upang mag-text sa amin ng mga katanungan at ibahagi kung paano ang nagiging takbo ng mga aktibidad, sa pamamagitan ng pagtugon sa inyong nais na wika.

Ang kailangan niyo lamang para makilahok ay **isang cell phone**! Ang inyong numero ng telepono at personal na impormasyon ay hindi kailanman ibabahagi.

Habang walang bayad para mag-sign up, maaaring may kaukulang data at singil sa mga mensahe. Kung nais ninyong mag-unsubscribe, maaaring mag-text ng '**STOP**' kahit anong oras.

Ang inyong tulong habang kayo'y nasa bahay ay nakagagawa ng malaking pagkakaiba!

Maraming salamat!

Tagalog